*Faith*
like *no*
other

# Si Elias at ang 7,000

WEEK 3

## WARM-UP

- Kapag nahaharap ka sa mga kawalan ng katiyakan o masasamang balita, paano ka karaniwang tumutugon?
- Kapag nakakaramdam ka ng pagod, ano ang karaniwan mong ginagawa para makabawi ng lakas?
- Sino ang madalas mong hinahanap para hingan ng tulong? Ano ang dahilan kung bakit maaasahan ang taong iyon?

## WORD

[9]*Pumasok siya sa isang kweba at doon natulog kinagabihan. Ngayon, sinabi sa kanya ng PANGINOON, "Ano ang ginagawa mo rito Elias?"* [10]*Sumagot siya, "O PANGINOON, Diyos na Makapangyarihan, tapat po akong naglilingkod sa inyo. Pero itinakwil ng mga Israelita ang kasunduan nila sa inyo, winasak nila ang mga altar ninyo, at pinagpapatay ang mga propeta ninyo. Ako na lang po ang natira, at pinagsisikapan din nila akong patayin."*

**1 HARI 19:9–10**

(Basahin din ang **1 HARI 19.**)

Pagkatapos ng paghahari ni Solomon, ang mga hari ng Israel ay gumawa ng masasamang bagay sa paningin ng Panginoon. Ibinukod ng Diyos si Elias at ginamit siya bilang isang propeta upang harapin ang ilan sa mga pinunong ito, ngunit humarap siya sa malalaking pagsubok. Bilang resulta ng kanyang pagsunod sa Panginoon, nalagay sa panganib ang buhay ni Elias at pakiramdam niya ay malapit na ang hangganan ng kanyang buhay. Ngunit ipinaalala ng Diyos kay Elias kung ano ang totoo sa gitna ng kanyang paghihirap—ang Diyos ay dakila at mabuti. Ngayong araw, kumuha tayo ng mga kaisipan mula sa katapatan ng Diyos upang maibalik si Elias at magawa niyang pumunta sa iba't ibang lugar at maipahayag ang katotohanan ng Diyos, kahit pa sa harap ng kamatayan.

## 1 Ang pagsunod sa Diyos ay hindi nangangahulugang hindi na tayo makakaranas ng paghihirap.

*[1]Ngayon, sinabi ni Ahab sa asawa niyang si Jezebel ang lahat ng ginawa ni Elias, at kung paano nito pinagpapatay ang lahat ng propeta ni Baal. [2]Kaya nagpadala si Jezebel ng mensahe para kay Elias na nagsasabi, "Lubusan sana akong parusahan ng mga diyos kung sa ganitong oras bukas ay hindi pa kita napapatay, tulad ng ginawa mo sa mga propeta." [3]Natakot si Elias, kaya tumakas siya papunta sa Beersheba na sakop ng Juda, at iniwan niya roon ang utusan niya.* **1 HARI 19:1–3**

Nilabanan ni Elias ang mga masasamang pinuno noong panahon niya at nagpakita siya ng mga himala. Pinatunayan nito na ang Diyos ay nakahihigit sa lahat. Ngunit nang pagbantaan nila ang buhay niya, natakot si Elias at *tumakas*. Mula sa pagiging matapang, si Elias ay nabalisa at nanlumo, at dahil dito, hiniling niya sa Diyos na kunin na ang kanyang buhay. Inakala niyang siya na lang ang natitirang naniniwala sa Diyos. Kahit sinusunod natin ang Diyos, haharap tayo sa mga pagsubok. Kapag parang nakakalula na ang buhay, nagmumukhang mas madali na lamang ang sumuko at magpakalunod sa kalungkutan. Ngunit kasama natin ang Diyos at kumikilos Siya sa ating mga puso sa gitna ng ating mga sakit at pagsubok. Nakaranas ka na ba ng sitwasyon kung saan parang mas nangingibabaw pa ang mga nangyayari kaysa sa pangako ng Diyos sa buhay mo? Ano ang nangyari?

## 2 Sa kabila ng mahihirap na sitwasyon, inilalagay ng salita at presensya ng Diyos ang ating mga puso sa lugar kung saan maaari tayong manampalataya sa Kanya.

*[7]Muling bumalik ang anghel ng PANGINOON, kinalabit si Elias at sinabi, "Bumangon ka at kumain, dahil malayo pa ang iyong lalakbayin." . . . [12]Pagkatapos ng lindol, may apoy na dumating, pero wala pa rin ang PANGINOON sa apoy. Pagkatapos ng apoy, may narinig siyang tinig na parang bulong. [13]Nang marinig ito ni Elias, nagtakip siya ng kanyang mukha gamit ang kanyang*

*balabal, lumabas siya at tumayo sa bungad ng kweba. Biglang may tinig na nagsabi sa kanya, "Ano ang ginagawa mo rito, Elias?"*
**1 HARI 19:7, 12–13**

Habang nagtatago si Elias, lumapit sa kanya ang Diyos. Dalawang beses Niyang sinabihan si Elias na magpahinga at nagbigay Siya ng pagkain para mabawi ni Elias ang kanyang lakas. Habang nasa banal na presensya ng Diyos, sinabi ni Elias sa Kanya ang lahat ng kanyang alalahanin. Inalagaan ng Diyos si Elias sa lahat ng kanyang pisikal, mental, at emosyonal na pakikipaglaban. Ipinakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan at ipinaalala kay Elias na nandiyan Siya para sa kanya. Kapag tayo ay nanghihina sa harap ng Diyos, pinapagaan ng Kanyang presensya ang ating pakiramdam at iniaayon ang ating mga puso sa Kanya upang tayo ay muling magtiwala. Balikan ang panahong binuhat ka ng Diyos para malampasan mo ang isang mahirap na sitwasyon. Paano Niya ibinalik ang pananampalataya at pagtitiwala mo sa Kanya?

## 3 Ang pananampalataya ay nagbibigay-daan sa atin na sundin at ituloy ang mga layunin ng Diyos para sa atin.

*15 Nagsalita ang PANGINOON sa kanya, "Bumalik ka sa iyong dinaanan, at pumunta sa ilang ng Damascus. . . . 18 Pero ililigtas ko ang 7,000 Israelita na hindi lumuhod at humalik sa imahen ni Baal." 19 Umalis doon si Elias at nakita niya si Eliseo na anak ni Shafat, na nag-aararo. . . .* **1 HARI 19:15, 18–19**

Nang maibalik ng Diyos si Elias, pinatatag din Niya ang gusto Niyang ipagawa kay Elias. Ipinadala ng Diyos ang isang taong makakatulong, si Eliseo, at sinabihan Niya si Elias na mayroon pa ring 7,000 na tapat sa Kanya upang hindi madama ni Elias na nag-iisa siya. Sa salita ng Panginoon, si Elias ay muling sumunod. Kahit na nilabanan ni Elias ang ginagawa ng Diyos noong umpisa, ipinagkatiwala pa rin ng Diyos ang responsibilidad na ito sa kanya. Kahit sa ating kahinaan, pinatitibay ng Diyos ang ating pananampalataya at binibigyan tayo ng kakayahang ipagpatuloy ang Kanyang layunin sa ating buhay. Ano ang ipinapagawa sa iyo ng Diyos sa panahong

ito? Paano ka Niya inalalayan at paano Niya pinatatag ang pananampalataya mo habang sinusunod mo ang Kanyang tawag sa buhay mo?

## APPLICATION

- Mayroon bang mga lugar sa buhay mo kung saan nararamdaman mong nakahiwalay ka at nababalisa? Paano nakakatulong ang pananampalataya mo sa Diyos para mapagaling Niya ang mga bahaging ito?
- Tinatawag ka ba ng Diyos para gawin ang isang bagay na parang imposible? Paano ka maaaring umusad nang may pananampalataya sa halip na takot?
- Sino ang mabibigyan mo ng lakas ng loob gamit ang mga aral na natutunan mo ngayong linggo? Paano mo maibabahagi ang kakaibang katapatan ng Diyos sa kanya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang presensya, pangangalaga, at kapangyarihan sa ating buhay. Magpasalamat sa Kanya sa pagbibigay Niya sa atin ng pananampalataya upang malagpasan ang mga paghihirap sa buhay.
- Hilingin sa Diyos na ibalik ang bawat nasirang bahagi ng iyong buhay. Ipagdasal na tulungan ka ng Diyos na mapalapit sa Kanya kahit sa mga sandali ng kahinaan.
- Ipanalangin sa Diyos na palibutan ka ng mga taong makadiyos habang tinutupad mo ang layunin Niya sa iyong buhay.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Josh Hernandez

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.